


Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center (GIC)

**International Exchange at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER**



© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモト # 0195

2021 Hulyo **No.150**

Nai-post na sa Facebook at website ng aming center ang pinakabagong impormasyon ng COVID-19
(Sa mga wikang Japanese, English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese)

Sa mga dayuhang residente, aming inihahatid sa inyo ang mga impormasyon ng COVID-19 na pangunahing nanggagaling sa Prepektura ng Gifu sa iba't ibang wika.

- Pagkonsulta kapag may lumitaw na sintomas tulad ng lagnat / Paraan ng Pagkonsulta
- Kalagayan ng impeksyon sa Prepektura ng Gifu.(Bilang ng mga pasyenteng positibo sa COVID-19)
- Mga impormasyon mula sa Prepektura ng Gifu.
 - Pagbabakuna, iba't ibang impormasyon sa suporta (Suporta sa mga nakipagkaisa) atbp., pinakabagong impormasyon sa COVID-19 at mensahe para sa mga mamamayan ng Prepektura
- Iba't ibang mga flyers para sa mga dayuhan (Pag-iwas sa impeksyon at atbp.)

Para sa konsultasyon sa COVID-19 sa banyagang wika, tumawag sa「COVID-19 Consultation Center para sa mga banyagang residente sa Prepektura ng Gifu」(nasa 14 na wikang banyaga) **TEL:058-263-8066**

HP



● Pinagsama-samang Impormasyon tungkol sa COVID-19 (2021.04.08)

1 Notice ng Prepektura ng Gifu

- Pagbakuna para sa COVID-19, i-click [dito](#)
- "COVID-19 Emergency Countermeasures" Mid-term Review (Extract), i-click [dito](#)
- Application Submission para sa "Compliance Fund" (2nd at 3rd), i-click [dito](#)
- COVID-19 Emergency Measures (Buod), Pag-iwas sa Karagdagang Pagkalat dahil sa Layuning Matapos ang 3rd Wave, i-click [dito](#)
- Gifu Prefecture Compliance Fund Upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19 (4th), i-click [dito](#)

Facebook



Public Utility Organization
Gifu International Center
非営利団体

ホーム 基本データ イベント その他 + いいね! メッセージ

情報 すべて見る

新型コロナウイルス感染症に関するページは病気で新型コロナウイルス感染症について詳しく情報があります

Mga Planong proyekto sa FY2021

Ang center na ito ay isang organisasyong nagtataguyod ng pangrehiyong internasyonalisasyon na kaantas ng Prepektura. Ngayong taon, ang Center ay nagpaplanong magsagawa ng proyekto batay sa mga sumusunod na 3 haligi sa ibaba.

- Pagpapaunlad ng komunidad sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura

Pagtugon ng mga dayuhang tagapayo sa mga konsultasyon (COVID-19, impormasyon ukol sa pamumuhay atbp.)

Kurso ng pagpapalano sa pamumuhay at edukasyon para sa mga karera ng mga estudyante sa senior high school

Pinahusay na kapaligiran para sa pag-aaral ng Wikang Hapon (Pagsasanay ng mga tagasuporta at muling pagbabalik ng mga klase sa Wikang Hapon)

- Pagpapaunlad ng kapaligiran para sa pagtataguyod ng pangrehiyong internasyonalisasyon

Paghahatid ng impormasyon sa iba't bang wika(International Exchange/Multicultural information)

Ang Prepektura ay may aktibong pakikipag-ugnayan sa mga bansang Lithuania, Morocco atbp.

Pikikipag-ugnayan ng mga Hapon sa mga mag-aaral na galing sa ibang bansa lalo na sa bansang Vietnam

- Pagtataguyod ng mga boluntaryong aktibidad at mga pribadong organisasyon

Pagsasanay ng mga boluntaryo upang makatugon sa mga gampanin sa mga pangangalagang medikal o sa mga panahon ng kalamidad at atbp.

Pakikipag-ugnayang pang-internasyonal/Pakikipagka-isa at mga subsidyo para sa proyektong pakikipag-ugnayang pang-internasyonal

Pag-isipan ang pagpapalano ng pamumuhay para sa iyong sarili, anak at sambahayan



Ano bang uri ng pamumuhay ang nais ninyo sa hinaharap? Mayroon ba kayong mgapangarap o layunin sa buhay?

May iba't ibang yugto ang buhay. Pag-aaral sa high school o unibersidad, pagtatrabaho, pag-aasawa, pagpapalaki ng mga anak, pagreretiro, pagiging pensionado... Maaaring nais ninyong bumili ng kotse o magpatayo ng sariling bahay.

Sa iba't ibang yugto ng buhay na ito ay may mga pagkakataong kinakailangan ng malaking halaga. Lalo na ang edukasyon ng mga bata, habang lumalaki sila ay tumataas din ang gugugulin sa pagpapa-aral sa kanila. Kailan at anong yugto ng buhay, pag-isipan natin kung ano ang plano ninyo sa buhay, para sa iyong sarili, anak at pamilya. At mula ngayon ay makakabubuting alamin kung, gaano ba kalaking halaga ang kailangan upang makapamuhay, magkano ba ang gugugulin sa pang-araw-araw na buhay, hindi ka ba nagsasayang ng pera, at kung may paraan ba para makapag-ipon.

Yugto ng buhay (life stage) *Suriin natin ang mga yugto ng pag-asenso sa buhay ng tao at bigyan ng pansin ang mga kinakailangang puntos at sistema upang makagawa ng pagpapalano sa buhay.

Pagsulong ng tao

Preschool	Pagbuo ng pundasyon ng paraan sa pamumuhay Pumasok sa nursery o kindergarten, makasalamuha ang ibang tao maliban sa mga kasambahay, matutong makipagkapwa-tao.	
Estudyante sa elementarya	Pagyayamanin ang kakayahan upang mabuhay Pagbuo ng pundasyong pang-akademiko, at sa sama-samang pamumuhay ay matutunan ang wastong pakikisama sa kapwa tao.	
Estudyante sa junior high school	Nasa panahong nagkakaroon na ng tiwala sa sarili, ngunit madali rin makaramdam ng kahinaan (inferiority complex). Sa panahong ito ay hindi pa gaanong magastos, kaya mag-ipon para sa pag-aaral sa mas mataas na edukasyon o para sa kinabukasan ng inyong mga anak.	
<ul style="list-style-type: none"> ● Pagsusuri sa kalusugan ng sanggol / Pagbabakuna ● Suporta sa mga bata (hanggang 15 taong gulang) ● Suporta sa gastusing medikal ng mga bata ● Insurance para sa mga estudyante 		

Estudyante sa senior high school	Magtamo ng kaalaman at karanasang kailangan upang makatayo sa sarili at pag-isipan ang kursong kukuning naaayon sa trabaho o hanapbuhay na ninanais makamit sa hinaharap, o anumang nais pag-aralan.	
Estudyante sa kolehiyo / estudyante sa paaralang bokasyonal	Maghangad na magsarili at humiwalay na sa mga magulang. Sa kolehiyo ay mag-aaral ng mga kaalamang pangpropesyon. At kung magpapakadalubhasa ay madadagdagan pa ng mga 2 hanggang 5 taon sa graduate school. Gumawa ng plano para sa mga gastusin sa edukasyon na angkop sa kursong kukunin ng iyong anak. Talakayin kung ano ang maibibigay na suporta bilang magulang sa kursong kukunin ng iyong anak.	
<ul style="list-style-type: none"> ● May mga pagkakaiba sa matrikula depende sa university/faculty/department na iyong pinasukan. ● Kung gumamit ng student loan ay hindi ito mababayaran hangga't hindi nakakakita ng trabaho. Mula pa sa simula ay gumawa na ng plano sa pagbabayad at importanteng simulan kaagad ang paghahanap ng trabaho sa lalong madaling panahon. ● Depende sa hinahanap na trabaho, minsan ay napakahirap maghanap, dapat gumawa ng hakbang para sa maagang paghahanap ng trabaho at employment exams (Sa mga dayuhan, dapat mapatunayan ang mga kwalipikasyon at kakayahan upang kilalanin ng employer, kung wala ka ng mga ito ay napakahirap maghanap ng trabaho.) 		

Trabaho	Malaki na ang pagbabago sa pang-araw-araw na pamumuhay, hindi na iniaasa sa magulang ang mga gastusin. Pag-isipan ang plano sa buhay upang mapabuti ang kinabukasan. Magplano para sa hinaharap upang maging maayos ang pamumuhay	
<ul style="list-style-type: none"> ● Mga benepisyo ng kompanya (Health Insurance / Welfare Pension / Worker's Accident Insurance / Paid Vacation system atbp.) alaming mabuti ang tungkol sa mga bagay na ito bago pumasok sa kompanyang pagtatrabahuhan. Lalo na sa mga kababaihan, humingi ng malinaw na paliwanag tungkol sa bakasyon at seguridad na may kinalaman sa pagbubuntis, panganganak at pag-aalaga ng bata. ● Hihikayating kayong pumasok sa life insurance. Makabubuting piliin ang life insurance na angkop sa kalagayan ng pamumuhay at kinikita. Piliin ang mga security options na kailangan at monthly premium na kaya ng sahod. 		

Pag-aasawa / Pagpapalaki ng mga anak Pagtatrabaho	Maraming paraan upang magtrabaho pagkatapos ng panganganak (full-time at part-time) Kapag kailangan ng pera para sa kasal, pagiging magulang, pagpapalaki ng mga anak atbp.	
<ul style="list-style-type: none"> ● Pag-isipang kumuha ng education funds at housing funds. Mangalap ng impormasyon tungkol sa mga loan at kung papaano makapag-ipon para dito. Gayundin, kung mag-aasawa ay repasuhin ang life insurance. Sa alinmang kaso ay dapat kumunsulta sa isang dalubhasang ahensya o kompanya. ● Kung magtatrabaho habang nagpapalaki ng mga anak, pag-usapan muna kung saan iiwanan o paalagaan ang bata bago pumasok ng trabaho. Kung sakaling magkakasakit ang bata ay makipag-ugnayan sa pinagtatrabahuhan at makipagtulungan sa partner o kasambahay, kaya pag-usapang mabuti ang tungkol dito. 		

Pagreretiro / Pagtanda	Habang nagtatrabaho at sumusuporta sa mga anak at umabot na sa edad ng pagreretiro alinsunod sa patakaran ng kompanyang pinagtatrabahuhan. Matapos magretiro ay magiging pesiyonado na. Ang medikal at pamumuhay na gastos ay kakailanganin dahil sa pagkakasakit at pagtanda	
<ul style="list-style-type: none"> ● Dahil sa sakit at pagtanda, kakailanganin ang suporta sa pagpapagamot at pang-araw-araw na pamumuhay kaya alamin ang tungkol sa nursing care insurance at pension system. 		

*Ang impormasyong ito ay mula sa mga nilalaman ng Life Plan Course at Guidebook ng Center.

Paunawa mula sa Nagoya Immigration Bureau

Opisyal nang sinimulan ang Facebook page mula December 18, noong nakaraang taon !!

Inihahatid sa mga dayuhang residente ang mga kapaki-pakinabang na impormasyon sa 9 na madaling unawaing wika: Japanese, English, Chinese, Indonesian, Vietnamese, Nepali, Tagalog, Portuguese at Spanish

< Mga impormasyong inihahatid >

● Pamamaraan ng aplikasyon para sa status of residence

Paliwanag ng pamamaraang dapat gawin kapag ang bata ay ipinanganak sa Japan.

● Pamamaraan ng aplikasyon kapag nawala ang residence card.

Ipinaliliwanag na dapat kumuha ng panibagong residence card at kinakailangang iulat sa pulisya ang pangyayari.

● Mga pangunahing impormasyon sa pagkuha ng permanent residence permit,



Nakasaad ang mga kailangan upang maging permanenteng residente.

● Impormasyon mula sa imigrasyon tungkol sa corona pandemic

Ipinaliliwanag ang mga naging pagbabago tungkol sa mga pamamaraan ng pangangasiwa sa imigrasyon nang dahil sa COVID-19.

Patuloy kaming maghahatid ng impormasyon sa mga dayuhang residente sa madaling maunawaang paraan, kaya mangyaring i-follow ninyo at i-share sa inyong pamilya at mga kaibigan ang aming page!!

<https://m.facebook.com/nagoya.nyukan.support/>



Ang mga kawani ng imigrasyon ay nagsasagawa ng mga professional consultation!!

Ang Nagoya Regional Immigration Bureau ay nagsasagawa ng mga libreng professional consultation isang beses sa isang buwan sa Gifu, Aichi, Shizuoka, Mie at Komaki.

Ang consultation meeting sa Gifu ay isinasagawa tuwing ikatlong Huwebes ng bawat buwan.

Sa mga may alalahanin tungkol sa status of residence o di kaya ay tungkol sa immigration ay huwag mag-alalang mag-isa, mangyaring komunsulta upang kayo ay matulungan at maliwanagan.

Kinakailangan ninyong kumuha ng appointment para sa professional consultation. Aming pangangalagaan ang inyong sikreto. Mangyaring makipag-ugnayan lamang sa pinakamalapit na tanggapan (Consulataion Desk).

< Halimbawa ng konsulta >

● Nais kong hiwalayan ang asawa kong Hapones, magkakaroon ba ng problema sa status of residence ko.

● Sa ngayon ay naninirahan ako bilang isang international student. Nais kong makapasok ng trabaho, ano ba ang dapat kong gawin sa status of residence ko.

< Para sa Reserbasyon at Katanungan >

● Gifu International Center Tel: 058-263-8066

Ang GIC ay nagbukas ng YouTube channel upang maghatid ng mga impormasyon sa iba't ibang wika.

Ang pinakabagong video ay tinalakay ang tungkol sa kaibahan ng bansang Japan at Brazil, sa mga kinakailangang hakbang upang maka-iwas sa coronavirus infection sa wikang Portuguese, ang kasalukuyang sitwasyon sa Brazil (Curitiba, Parana), PCR test, at ang mga organisasyong maaaring magpayo tungkol sa COVID-19 sa Prepektura ng Gifu.

Magkaroon tayo ng kaalaman tungkol sa mga kinakailangang hakbang laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsangguni sa videong ito. Makipagka-isa tayong lahat upang mapagtagumpayan natin ito.

Close up!

Ipinakilala,
aktibong organisasyon
sa Prepektura

Foreign Worker Relief and Support Center

(Center na sumusuporta sa mga dayuhang manggagawa)



Kami ay nagsasagawa ng mga aktibidad, mula sa pagpapayo, pagsuporta, pagtulong atbp., sa mga dayuhang technical intern trainee.

Ang Foreign Worker Relief and Support Center ay binuksan noong Oktubre 2015 sa ikalawang sangay pandayuhan ng Gifu General Labor Union's na matatagpuan sa Hashima-shi, Prepektura ng Gifu.

Sa kabila ng taglay na pag-asa, mahirap na kalagayan sa trabaho at paglabag sa karapatang pantao ang dinatnan ng mga technical intern trainee dito sa Japan. Nakakatanggap kami ng 130 mga konsultasyon at natutulungan sa loob ng 1 taon.

Mga pangunahing paksa na naikonsulta

Hindi ibinigay ang sahod

Aksidente sa trabaho

Tinanggal sa trabaho

Power harassment

Sapilitang pagpapa-uwi sa pinanggalingang bansa na labag sa karapatang pantao

•Mga ginagawang pagsisikap para sa pagtulong at pagsuporta

Dahil sa mahaba-habang panahon ang ginugugol mula sa konsultasyon hanggang sa masolusyonan ang problema ay kinakailangang suportahan ang pamumuhay ng mga nawalan ng trabaho.

Kami ay nagtayo ng shelter upang maprotektahan ang mga humihingi ng tulong at suportahan ang lahat ng mga pangangailangan, katulad ng mga damit, pagkain at tirahan.

•Shelter

Kapag ang isang technical intern trainee ay nagtangkang iparating sa employer o sa organisasyong nangangasiwa sa kanila (Broker) ang mga pag-aalinlangan o problemang lumitaw sa panahon ng training (trabaho) maaari silang mawalan ng trabaho o mapa-uwi sa bansang pinanggalingan. Paalisin sa tirahan, hindi makukuha ang sahod, bigla silang maghihirap sa buhay, nunit hangga't hindi naayos ang problema ay hindi rin sila maaaring bumalik sa bansang pinanggalingan.

Samakatuwid, kinakailangang lumikas sa shelter at manirahan ng sama-sama hangga't hindi nalulutas ang problema. Sa loob ng 5 taon magmula ng buksan ang shelter ay nasa 316 na mga technical intern trainee ang gumamit nito. Ang mga nasyonalidad na gumamit ng shelter ay ang mga Chinese, Vietnamese, Cambodian atbp.

Lahat ng gugulin na may kaugnayan sa pagkain, pang-araw-araw na pamumuhay, at iba pang may kinalaman sa pamumuhay ay nanggaling sa mga nalikom na donasyon ng "NPO 法人労働相談 .com" (NPO Houjin Roudou Soudan.com/NPO Corporation Labor Consultation) na siyang nagpapatakbo ng shelter at ang mga nakolekta mula sa mga technical intern trainee na nakita na ang solusyon sa problema, bilang bayad sa paggamit ng shelter nag-aabot sila ng 1,000 yen sa 1 araw (kasama na ang 3 beses na pagkain).

•Mga hakbang sa paglutas ng usapin

Upang maiwasto at masolusyunan ang usapin ang center ay nakikipag-ugnayan sa Labor Union, Training Institution na syang pinagtatrabahuhan ng mga trainee, at sa organisasyong nangangasiwa sa kanila (Broker) upang mapag-usapan ang lumitaw na problema.

May mga pagkakataong kinakailangang ipagkatiwala ang kalutasan ng mga usapin sa hukuman, makipag-ugnayan sa mga dalubhasa sa batas, at sa mga ahensya ng gobyerno, ito ang mga aktibidad na aming isinasagawa upang maprotektahan ang mga karapatan ng mga technical intern trainee.

Patuloy ang pagdami ng mga humihingi ng suporta sa Center, kaya lalong tumataas ang pangangailangang madagdagan ang mga kasangkapan at mapahusay ang mga kawani. Inaasahan namin ang inyong suporta sa bagay na ito.

Makipag-ugnayan sa amin Loob ng Gifu General Labor Union NPO 法人労働相談 .com

Head office 〒500-8402 Gifu-shi, Tatsuta-machi 4-3-3 TEL : 058-213-9330 FAX : 058-213-9333 E-mail : scrum.giu@nifty.com

Shelter 〒501-6257 Hashima shi Fukuju-cho, Hira-kata 3-36 TEL : 090-8496-9668 FAX : 058-257-1783

[Available Consultation for Foreign Workers.] Maaaring kumunsulta ukol sa mga kondisyon sa pagtatrabaho sa mga sumusunod na banyagang wika sa mga pampublikong institusyon.

Pangalan	Open - Close	Address	TEL
Tajimi Labor	Huwebes 9:00-16:00	Tajimi City otowa-cho 5-39-1	0572-22-6381

INFORMATION

Kokoro no Soudan (Psychological Counselling)

Ang GIC ay nagsasagawa ng mga libreng "Kokoro no Soudan" (Psychological Counselling) sa katutubong wika ng mga propesyonal na tagapayong Brazilian at Pilipino. Aming pangangalagaan ang inyong sekreto.

Kung nais ninyong kumunsulta ay mangyaring makipag-ugnayan lamang sa amin.

[Ikaw ba ay nag-aalala tungkol sa sarili mong mental health o ng iyong pamilya?]

- Nabababala tungkol sa trabaho, pamilya, o sa pakikitungo sa mga taong nakapaligid sa iyo.
- Matamlay, nalulumbay, patuloy na balisa at hindi makatulog.
- Nag-aalala tungkol sa trabaho, anak, o pamilya.

Schedule Philippines (Tagalog)

Tuwing ika-2 Linggo ng buwan.
Hulyo 11, Agosto 8, Setyembre 12, Oktubre 10, Nobyembre 14,
Disyembre 12, Enero 9, Pebrero 13, Marso 13

Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Gifu Prefecture

Huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa amin tungkol sa anumang mga problema na may kaugnayan sa inyong pang-araw-araw na buhay (buwis, pabahay, edukasyon, Welfare, atbp.). Susuportahan namin kayo sa paglutas ng inyong mga problema sa pakikipagtulungan sa mga kinauukulang mga pampublikong institusyon.
*Medical Interpreters ay hindi available.

Office Hours : Lunes hanggang Biyernes 9:30~16:30

*Maliban sa Pagtatapos ng Taon at mga Pista Opisyal

Numero ng Telepono : 058-263-8066

Wika : English, Chinese, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Korean, Indonesian, Thai, Khmer (Cambodia), Nepali, Myanmar, Spain, Malay at Mongolian

Inilathala ng

Gifu International Center (GIC)

Gifu Chunichi Bldg., 2F,
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875

☎ 058-214-7700 FAX 058-263-8067

E-mail gic@gic.or.jp URL https://www.gic.or.jp

Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00

Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon

Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu

2021 Hulyo 1

(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)

